# UNANG MARKAHAN

# MTB - MLE

## Aralin 3

**Aralin 3: Pagsunod sa Panuto**

**A. Panimula**

- **Alamin Natin**

  Pagkatapos ng araling ito, inaasahang matutuhan mo ang kahalagahan ng pagsunod sa panuto.

- **Tuklasin Natin: Panimulang Gawain**

Bago tayo magsimula ng ating aralin, nais ko muna sundin ninyo ang sumusunod:
Una, maaari ka bang umupo nang maayos. Pangalawa, ngayong maayos na ang iyong pagkakaupo, nais ko namang makinig kang mabuti sa ating aralin.

Video Link: *https://youtu.be/sNE2JHwMeuI*

| CLICK YOUTUBE LINK HERE |
|---|

**B. Pagpapaunlad**

- **Suriin Natin: Pagsunod sa Panuto**

LIVEWORKSHEETS

Nautusan ka na ba ng iyong magulang o nagsagot sa mga ibinigay na gawain ng iyong guro? Ano ang iyong ginawa upang masunod ito ng tama? Sa araw na ito pag-uusapan natin ang Panuto at ang kahalagahan nito.

Ang Panuto ay mga paalala sa pagsasagawa ng mga gawain. Magagawa natin ang ating mga gawain kung makikinig tayong maiigi sa mga panuto. Paano nga ba tayo makapakikinig nang mabuti sa mga panuto?

Ito ang ating tatandaan:

Una, iwasan natin ang pakikipag-usap sa ating katabi habang nakikinig sa panuto. Pangalawa, pakinggan at intindihin natin ang ibinigay na panuto. Madali lang hindi ba? Alam ko kayang kaya mo iyan gawin!

- **Gawain 3.1: Pagsunod-sunurin Mo**
  Panuto: Pagsunod-sunurin ang mga larawan ayon sa ayos ng mga larawan sa ibaba. Isulat ang bilang sa patlang.
  1. aso
  2. bola
  3. dahon
  4. gitara
  5. hipon




**C. Pagpapalihan**

- **Gawain 3.2: Sagot Mo, I-upload Mo**
  **Panuto:** Sundin ang mga panutong sasabihin ng guro at i-upload ang iyong sagot sa Moodle Classroom.
  1. Una, sa isang malinis na papel, gumuhit ng isang parisukat.
  2. Pangalawa, sa tabi ng parisukat gumuhit ng isang puso.
  3. At panghuli, sa loob ng puso gumuhit ng bituin.

  Panoorin ang video sa ibaba kung paano ito ipapasa sa iyong guro.
  Video Link: https://youtu.be/CHXbNuqpF7g

| CLICK YOUTUBE LINK HERE |
| --- |

LIVEWORKSHEETS

- **Gawain 3.3: Tama o Mali**

  Panuto: Isulat ang Tama kung ang pangungusap ay nagpapakita ng tamang pakikinig sa panuto at Mali kung hindi.

  1. Ang guro ni Mark ay nagbibigay ng panuto kung paano gumawa ng bangkang papel. Iniiwasan ni Mark ang pakikipagdaldalan sa katabi at nakikinig siya nang mabuti sa panuto.

  Sagot: __________

  2. Tinawag si Ana ng kaniyang nanay upang utusang bumili ng mga kakailanganin sa pagluluto ng adobo. Tinigil ni Ana ang kaniyang paglalaro at inintindi ang mga sinabi ng kaniyang nanay.

  Sagot: __________

  3. Si Mateo ay naglalaro at hindi nakikinig sa kaniyang guro na itinuturo ang mga hakbang sa sayaw na kanilang gagawin.

  Sagot: __________

  4. Si Eman ay nanonood ng tv habang tinuturuan ng kaniyang nanay kung paano gawin ang kaniyang takdang aralin.

  Sagot: __________

  5. Nakinig ang mga bata sa bawat panuto na sinabbi ng kanilang guro bago magsimula ang kanilang pagsusulit.

  Sagot: __________

**D. Paglalapat**

- **Isaisip Natin**

  Ang pagsunod sa panuto ay makakatulong sa atin sa araw-araw nating mga gawin. Mahalaga ang pakikinig at pag-intindi nang mabuti sa mga ito upang magawa nang maayos ang mga gawain.

LIVEWORKSHEETS

**E. Sanggunian**

1. Deped Most Essential Learning Competencies in MTB 1
2. Jastine Geronimo (2020) Hakbang sa Pag-upload ng Gawain *https://youtu.be/CHXbNuqpF7g*

CLICK YOUTUBE LINK HERE

GRADE 1-MABINI GOOGLE DRIVE LINK
CLICK HERE

GRADE 1-SAKAY GOOGLE DRIVE LINK
CLICK HERE

GRADE 1-BONIFACIO GOOGLE DRIVE LINK
CLICK HERE

GRADE 1-BALAGTAS GOOGLE DRIVE LINK
CLICK HERE

LIVEWORKSHEETS